

Bigyan ang Iyong Anak ng Pinakamainam na Pagkakataon para sa Malusog na Ngipin at Maiwasan ang Pagkabulok!

Upang magkaroon ng malusog na ngipin, mahalaga ang pag-iwas sa pagkabulok. Ang sealant ay makakatulong na protektahan ang ngipin ng iyong anak laban sa butas.

Ano ang sealant?

Ang sealant ay manipis na plastik na pantakip na ipinapahid sa ibabaw ng nginunguyang bahagi ng likurang ngipin.

Mga Sealant:

- Pinipigilan ang pagkain at bakteryang pumasok sa mga uka ng mga ngiping ito.
- Pinoprotektahan ang ngipin laban sa bakteryang at asido.
 - Ang bakteryang ay maaaring magbago ng asukal at almirol mula sa pagkain tungo sa mapanganib na asido na sumisira sa ngipin at nagdudulot ng butas.
- Pinipigilan ang plaka, pagkain, at asido sa mga uka ng likurang ngipin.

Sino ang dapat magkaroon ng sealant?

Lahat ng bata ay dapat lagyan ng sealant sa kanilang mga likurang ngipin sa sandaling maging nakikita ang mga ito. Maaaring ilagay ang sealant lamang sa mga ngipin na walang butas. Dahil dito, mahalagang dalhin ang iyong anak sa dentista bawat 6 na buwan upang malagyan agad ng sealant ang likurang ngipin kapag lumitaw na ang mga ito.

Paano inilalagay ang sealant sa ngipin?

Ilalagay ng iyong dentista ang sealant sa ngipin ng iyong anak. Madaling ilagay ang sealant at ilang minuto lamang ang kinakailangan. Pagkatapos linisin ang ngipin, inilalagay ang sealant sa mga uka ng likurang ngipin at ito ay tumitigas. Minsan, gumagamit ng espesyal na ilaw upang makatulong sa pagpapatigas ng sealant. Hindi masakit ang prosesong ito.

Mga unang palatandaan ng pagkabulok ng ngipin

Kung mayroong alinman sa mga palatandaang ito ang iyong anak, dapat kang tumawag sa dentista. Tandaan na ang iyong anak ay kailangang magpatingin sa dentista dalawang beses sa isang taon para sa regular na pangangalaga.

- | | |
|--|---|
| • Maliit na puting batik sa ngipin. | • Pamamaga ng mukha. |
| • Maliliit na butas sa enamel. | • Sakit sa bibig. |
| • Ngipin na sensitibo sa init, lamig, o matatamis. | • Ngipin na masakit o sensitibo kapag nginunguya. |



Kung kailangan mo ng tulong upang makahanap ng dentista o may mga katanungan tungkol sa iyong dental na benepisyo, bisitahin ang www.hndental.com o tumawag sa:

Mga miyembro ng Los Angeles County: **1-844-233-4522**

Mga miyembro ng Los Angeles County: **1-833-493-0428**

Oras: 8 a.m. hanggang 5 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TDD/TTY sa **1-800-466-7566**.

Pinagkunan at website:

5th Edition Handbook of Pediatric Dentistry. American Academy of Pediatric Dentistry (AAPD), www.aapd.org.

Ang impormasyong ito ay hindi nilalayong palitan ang pangangalagang medikal o pangangalaga sa ngipin. Mangyaring sundin palagi ang mga instruksyon ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay subsidiary ng Health Net, LLC at Centene Corporation. Ang Health Net ay rehistradong marka ng serbisyo ng Health Net, LLC. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

FLY1961102TH01w (4/25)